## SO WHAT

- Ano ang madalas mong pakiramdam kapag nagagamit mo ang iyong mga espirituwal na kakayahan sa simbahan? Saan kaya nanggagaling ang iyong kalakasan ng loob?
- Anu-anong mga kakayahan ang gusto mong magkaroon ka? Ano ang nararamdaman mo kapag nakita mo ang mga kakayahang ito sa iba?
- Gaano ka nagpapasalamat sa mga talento, kakayahan, at biyaya na binigay ng Diyos sa iyo?

## NOW WHAT

- Ano sa tingin mo ang iyong tatlong pangunahing kalakasan, kakayahan, at abilidad?
- Sa mga kakayahan at talento na bigay ng Diyos sa iyo, sa aling natatanging gawain sa simbahan ka kaya mas makakapaglingkod?
- Papaano natin maipapakita ang pag-aalala at pagkalinga natin sa isa't isa sa ating pamilya sa simbahan sa natatangi at praktikal na paraan?

# PRAYER

- Manalangin na matuklasan at magamit natin ang mga talento at kakayahan na bigay ng Diyos sa atin.
- Manalangin na mabigyang-halaga natin ang isa't isa at magkaisa tayo sa paglingkod sa mga gawain sa simbahan.
- Magdasal para sa nararapat at epektibong pagsasagawa ng iba't ibang gawain sa ating simbahan.

VICTORY

Karapatang Pag-aari © 2013
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

# Pagsasaayos ng Panawagan

CASTING CALL
VOLUNTEER WEEK 2013

## NOTES

# CONNECT

- Kung ikaw ay isang aktor/aktres, anong papel ang gusto mong gampanan?
- Kung susukatin mo ang kalusugan ng iyong katawan mula bilang 1 hanggang 10 (10 bilang pinakamalusog), ano ito? Bakit?
- Ano ang ginagawa mo upang panatilihin ang kalusugan ng iyong katawan?

**WORD** *At sa pamumuno niya, ang lahat ng bahagi ng katawan, na walang iba kundi ang mananampalataya, ay pinag-uugnay-ugnay, at ang bawat isa'y nagtutulungan. At sa pagganap ng bawat isa sa kani-kanilang tungkulin nang may pag-ibig, ang buong katawan ay lalago at lalakas.* EFESO 4:16

## WHAT

Gamit ang katawan ng tao bilang halimbawa, ipinaliwanag ni Pablo ang tatlong mahahalagang katotohanan tungkol sa magkakaibang bahagi at papel sa Katawan ni Kristo.

### 1 Kailangan ng katawan ng iba't ibang bahagi upang gumana.

*Ang katawan ay binubuo ng maraming parte at hindi ng isang parte lamang.* 1 CORINTO 12:14 (BASAHIN RIN ANG 1 CORINTO 12:15-17.)

Ang katawan ay may maraming bahagi na may iba't ibang pagkakagamit, ang iba ay malaki, ang iba nama'y maliit, ngunit ang bawat isa ay mahalaga upang maging buo ang katawan. Bilang bahagi ng pamilya ng Diyos o Katawan ni Kristo, ikaw din ay may mahalagang bahagi na ginagampanan sa pagsulong ng Kanyang gawain dito sa mundo. Anu-anong mga papel an gang iyong ginampanan nang nagsisimula ka pa lang sa lakbayin mo sa Diyos? Paano na lumago ang papel na ito sa katagalan?

### 2 Ang iba't ibang bahagi ay dapat nakasalalay sa bawat isa.

*[18]Ngunit nilikha ng Diyos ang ating katawan na may iba't ibang parte ayon sa kanyang nais. [19]Kung ang katawan ay binubuo lamang ng isang parte, matatawag ba itong katawan? [20]Ang totoo'y ang katawan ay binubuo ng maraming parte, ngunit iisang katawan lamang ito. [21]Kaya hindi maaaring sabihin ng mata sa kamay, "Hindi kita kailangan," at hindi rin masasabi ng ulo sa paa, "Hindi kita kailangan."* 1 CORINTO 12:18-21

Ang katawan ay masigla kapag ang bawat bahagi nito ay maayos din ang kalagayan lalo na kung ang lahat ay nagkakatulungan sa bawat isa. Kailangan natin ang bawat bahagi upang ang buong katawan ay gumana. Tulad nito, tayong mga miyembro ng isang espirituwal na pamilya ay kailangan din ang bawat isa upang kumilos bilang isang kinatawan. Alamin ang pagkakataon na nangailangan ka ng tulong sa isang kaibigan. Kailan naman yung pagkakataon na ikaw ang nakatulong sa kaibigan?

### 3 Ang bawat isa ay may nararapat na malasakit sa bawat isa.

*[24]. . . Ganoon din nang isaayos ng Diyos ang ating katawan, binigyan niya ng karangalan ang mga parteng hindi gaanong marangal, [25]upang hindi magkaroon ng pagkakahati-hati kundi pagmamalasakit sa isa't isa.* 1 CORINTO 12:24,25

Bakit kinakailangan ng bawat bahagi ng Katawan ni Kristo na magmalasakit sa bawat isa? Ito ay dahil nabibilang sila sa iisang katawan. Sa ganitong pagkakaisa, kung ano man ang nararamdaman ng isang bahagi ay may epekto sa buong katawan. Papaano mo ito naranasan? Papaano mo tinulungan ang isang tao sa simbahan na may problema o di kaya'y papaano ka tinulungan ng iyong kaibigan sa panahon ng pangangailangan?